



## SA PAGHAHAYUPAN

- Siguraduhing may sapat na *drought-resistant* na halaman na maipapakain sa mga hayop
- Mag-alaga ng mga *native* na hayop
- Maglaan ng malinis na tubig
- I-pwesto ang mga alagang hayop sa malilim at malayo sa direktang sikat ng araw
- Iwasan ang pagsisiksikan ng mga hayop
- Siguruhin ang maginhawang kulungan at pagbabiyaha ng mga alagain
- Pabakunahan ang mga alagang hayop
- Ipa-seguro ang mga alagang hayop sa *Philippine Crop Insurance Corporation* para mabawasan ang pagkalugi



## SA PANGISDAAN

- Pamahalaang mabuti ang paggamit ng *feeds* at tubig
- Magtakda ng maayos na schedule para sa pag-aani at pagkakatagal
- Maglagay ng angkop na lilim sa mga lugar na nakabilad at may matinding sikat ng araw  
Suriin ang *pond area* at siguruhing walang tagas
- Protektahan ang mga dike mula sa alimango at iba pang uri ng hayop na bumubutas o humuhukay
- Subaybayan ang kalidad ng tubig at *fish stacks* sa palaisdaan
- Gumamit ng malalakas na *aerator* at paikuting mabuti ang tubig sa pamamagitan ng mga *spray pipe* upang mabawasan ang *toxic gas* at maikalat ang *oxygen*



## DEPARTMENT OF AGRICULTURE REGION IV-CALABARZON

Regional Agriculture and Fisheries  
Information Section

2023

Lipa Agricultural Research and Experiment  
Station (LARES) Brgy. Maraouy,  
Lipa City, Batangas



Department of Agriculture RFO 4-A



<https://calabarzon.da.gov.ph/>



# Maging HanDA sa El Niño

Ayon sa ulat ng *Department of Science and Technology-Philippine Atmospheric and Geophysical Astronomical Services Administration (PAGASA)*, makakaranas ang buong Pilipinas nang patuloy na tag-init at posibleng tagtuyot simula sa buwan ng Hunyo 2023 hanggang sa taong 2024. Kaya naman iminumungkahi ng *Department of Agriculture* ang ibayong paghahanda ng sektor sa mga inaasahang epekto nito sa pagsasaka, pangisdaan, at paghahayupan.

## ANO ANG EL NIÑO?

Ang El Niño ay ang pag-init ng temperatura sa gitna at silangang bahagi ng *tropical Pacific Ocean*, kasabay nang paghina ng hangin mula sa silangan o easterlies.

Nangyayari ito kada dalawa hanggang pitong taon, kasabay ng paghina ng ihip ng hangin mula Silangang Amerika patungong Asya. Tumatagal ito ng anim hanggang labing walong buwan.



Photo by Bella Cariaso of PhilStar

## MGA EPEKTO NG EL NIÑO SA AGRIKULTURA



Limitadong suplay ng tubig



Peste sa pananim at pagkakasakit ng alagang hayop



Tuyong sakahan



Mataas na insidente ng heat stress sa mga alagang hayop



Nababawasan ang mga lugar-taniman



Nasisira ang mga pananim at namamatay ang mga alagang hayop dulot ng pagbaha at pagguho ng lupa



Naaantala ang panahon ng pagtatanim



Nagkakaroon ng malawakang coral bleaching at paglaganap ng seaweed diseases



Mababang ani



Fish kill

## PAANO MAGING HanDA?




✓ Ipa-seguro ang mga pananim sa *Philippine Crop Insurance Corporation*

✓ Gumamit ng mga *drought-tolerant* at *early maturing* na barayti ng binhi




✓ Magtanim ng *short-cycle crops* gaya ng munggo, mani, at soybean

✓ Gawin ang *crop rotation method* upang makaiwas sa peste



✓ Gumamit ng organikong pataba upang mapanatili ang kalidad ng lupa

✓ Mag-imbak ng tubig-ulan



✓ Mag-alternate wetting and drying at low-cost drip